Republic of the Philippines

# Department of Education

**Schools Division of Palawan**



**Coron Inland District**


*GUADALUPE ELEMENTARY SCHOOL*

| Grades 1 to 12 Daily Lesson Log | School | Guadalupe Elementary School | Grade Level | III |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher | Arian P. de Guzman | Learning Area | MAPEH |
| | Teaching Dates | | Quarter | 4th |

| DAY | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. LAYUNIN** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | **Holiday** | The learner demonstrates understanding of the concepts of tempo in order to respond to conducting symbols indicating variations in tempo | The learner demonstrates understanding of shapes, colors, textures, and emphasis by variation of shapes and texture and contrast of colors through sculpture and crafts | The learner demonstrates understanding of movement activities relating to person, objects, music and environment | The learner demonstrates understanding of risks to ensure road safety and in the community. |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | | The learner enhances performance of poetry, chants, drama, musical stories, and songs by using a variety of tempo | The learner creates a single puppet based on character in legends, myths or stories using recycled and hard material creates a mask or headdress that is imaginary in design using found and recycled materials demonstrates basic skills in constructing a puppet made from a hard and stick, which can be manipulated | The learner performs movement activities involving person, objects, music and environment correctly | The learner demonstrates consistency in following safety rules to road safety and in the community. |


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto** | | 1. natutukoy ang tempo ng isang awitin sa pamamagitan ng galaw ng hayop (**MU3TX-IVgh-4**);<br>2. natutugma ang tempo ng awit ayon sa galaw; at<br>3. naaawit ang awitin sa wastong tempo. | 1. Nakikilala ang iba't ibang disenyo ng papet na gawa sa Pilipinas (**A3EL-Iva**);<br>2. nakagagawa ng finger papet o papet sa daliri para sa gagawing puppet show at<br>3. naipakikita ang pagpapahalaga sa likhang sining sa pamamagitan ng mga puppet show o eksibit. | Nakikilahok sa iba't ibang aktibidad sa paggalaw na kinabibilangan ng tao, bagay, musika at kapaligiran (**PE3BM-IV-a-h-1**) | Maipaliwanag ang mga kasanayan sa kaligtasan sa kalsada bilang pedestrian (**H3IS-IVab-19**) |
| **II. Nilalaman** | | **Pag-awit sa Wastong Tempo** | **Istayl ng Pagpapapet** | **Iba't Ibang Aktibidad sa Paggalaw na Kinabibilangan ng Tao at Bagay** | **Ligtas na Tawiran** |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | | | | | |
| **A. Sanggunian** | | | | | |
| **1. Mga Pahina sa Gabay ng Guro** | | | | | |
| **2. Mga Pahina sa Kagamitang Pang-mag-aaral** | | | | | |
| **3. Mga Pahina sa Teksbuk** | | | | | |
| **4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng *Learning Resource*** | | Modyul 1 | | | Modyul 1 |
| **B. Iba pang Kagamitang Panturo** | | Mga larawan, tsart | Kagamitan sa paggawa ng puppet, mga larawan | Hoolahoop, garter, rubriks | |
| **IV. PAMAMARAAN** | | | | | |
| **A. Balik-aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin.** | | Pagtambalin ang larawan ng mga hayop sa akmang galaw nito. Isulat sa kahon ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel. | Basahing mabuti at sagutin ang mga tanong. Isulat sa sagutang papel ang titik ng iyong napiling sagot. | Magbalik-aral sa nakaraang aralin. | Magbalik-aral sa nakaraang aralin. |





| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | <br><br>a. Nakadapo sa sanga<br>b. Mabilis na tumakbo<br>c. Lumulukso o tumatalon<br>d. Gumagapang<br>e. Lumulukso | 1. Ito ay isang paraan ng paglikha ng disenyo mula sa tubig na may hinalong pintura at inilimbag sa papel o tela.<br>A. finger printing C. stencil making B. marbling D. slogan o logo<br>2. Ang finger printing ay isang payak na gawaing sining dahil makagagawa ng iba't bang disenyo sa pamamagitan ng __________ lamang.<br>A. paa B. mata C. braso D. daliri<br>3. Ano ang tawag sa paraan ng pagpaparami ng disenyo sa pamamagitan ng paglilipat ng tinta?<br>A. pag-iistensil C. pagpinta<br>B. pagguhit D. pagkulay<br>4. Bakit kailangang gumamit ng iba't ibang kulay sa pag-imprinta ng istensil?<br>A. upang mas kaakit-akit ang iyong ginawang disenyo<br>B. sapagkat iyon ang batas na sinusunod ng mga artist<br>C. dahil sayang naman kung hindi gagamitin ang ibang kulay<br>D. sapagkat ito ay naaayon sa ginawang disenyo ng isang pintor<br>5. Alin sa sumusunod na kagamitan ang hindi kabilang sa paggawa ng istensil?<br><br> | | |


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **b. Pagganyak o Paghahabi sa layunin ng aralin/Motivation** | | Awitin ang "Mga Alaga Kong Hayop". Sa tono ng "May Isang Martilyo". Sagutin ang mga tanong.<br>1. Ilang hayop ang binanggit sa awitin?<br>a. apat b. tatlo c. lima d. dalawa<br>2. Ano-anong mga hayop ito?<br>a. ibon, pusa, aso, daga at tao<br>b. ibon, pusa, aso, at rabbit<br>c. ibon, aso, pagong, at rabbit<br>d. ibon, pusa, aso, at pagong<br>3. Anong hayop ang may mabagal na galaw?<br>a. aso b. ibon c. tao d. pusa<br>4. Anong hayop ang nagpakita ng katamtamang galaw?<br>a. pusa b. aso c. tao d. ibon<br>5. Ano-anong mga hayop ang may mabilis na galaw?<br>a. ibon at ibon c. pusa at pagong<br>b. pagong at ibon d. aso at rabbit | Masdang mabuti ang mga larawan sa ibaba. Sagutin ang mga sumusunod na katanungan.<br><br>1. Ano ang iyong napansin sa larawan?<br>2. Ano anong mga kagamitan ang ginamit sa paggawa sa sining?<br>3. Nasubukan mo na bang gumawa ng katulad ng nasa larawan?<br>4. Alam mo ba kung ano ang tawag at mga uri nito? Kung paano ito ginagawa? | Sa pagpapalakas ng ating katawan, may iba't ibang gawain o aktibidad na kinabibilangan ng tao o bagay na angkop gawin ngunit nangangailangan ito ng maingat na pagsasagawa at wastong kasanayan upang maiwasan ang anomang mga sakuna. | Naranasan mo na bang tumawid sa pedestrian lane? Sino ang kasama mo habang tumatawid? Ano ang naramdaman mo? |
| **C. Paglalahad o Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin.** | | Ang musika ay maaaring mabagal, katamtaman, at mabilis. Ito ang tinatawag na Tempo. Ang bilis ng daloy ng tempo ay nagiiba. Ito ay maihahambing sa galaw o kilos tulad ng pagsayaw, pag-awit at pagkilos ng mga hayop at tao. Tulad ng nasa awitin ang kilos ng pagong ay mabagal kaya ang pag-awit ay mabagal sa liriko ng awit na katapat ng pagong. Ang galaw ng mga hayop na nasa larawan ay katulad ng | **Mga Uri o Istayl ng Papet na matatagpuan sa Pilipinas**<br>Ang sumusunod na larawan ay ilan lamang sa mga halimbawa ng papetre sa Pilipinas na natatangi sa kani-kanilang mga hugis, anyo, porma at paraan ng pagpapalabas. Ito ang mga karaniwang ipinapakita tuwing may teyatro o maging sa mahahalagang okasyon o araw sa isang lugar.<br>**Papet-Kamay o Hand puppet**<br>Ito ay ang mga puppet na yari sa | May mga gawain o aktibidad na maaaring gawin na hindi gumagamit ng anomang bagay. Ito ay kinabibilangan lamang ng tao. Mga halimbawa nito ay luksong baka, luksong tinik, patintero at iba pa. Ito ay maaaring gawin o laruin ng mga bata na walang gagamiting anomang bagay. May mga aktibidad o paraan ng paggalaw na maaaring gawin lamang ng tao tulad ng "matching" na ginagawa ng may kapareha.<br>Maaaring tumayo o gumawa ng | Basahin ang kwento: Ang Madalas na Kwento ni Jose sa Kanyang Kaibigan. Ni: Allan P. Retardo<br>Tanong:<br>Sino ang bata sa kwento? Saan pumunta si Jose at kanyang ina?<br>Bakit kailangan tumawid ng mag-ina sa daan?<br>Ano ang nakita ni Jose sa daan? |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | tempo ng musika na may magagal, mas mabagal, mabilis at mas mabilis. Ang tempo ay nagbibigay kagandahan sa isang awitin. Pag-aralan ang awiting “Parang Bangka”. May tatlong larawan na nagpapakita ng tatlong tempo: Pagong (mabagal); baka (katamtaman); at aso (mabilis). Maaaring kantahin ang bawat linya ng awitin na naaayon sa tempong ipinapakita ng mga larawan. Alin kaya ang kilos ng hayop ang mabagal, katamtaman, at mabilis? | foam at tela. Ang kamay ng puppeteer ay ipinapasok sa leeg ng papet. Hawakan ang flap o matigas na hawakan para buksan ang bunganga o bibig ng papet.<br>**Liping Papet o Rod Puppet** Ito ay papet na katulad sa Japan na tinatawag na "Bunraku". Ang mga puppet ay pinapagalaw sa pamamagitan ng isang lipi o patpat. Ang gumagalaw dito ay ang ulo, braso at paa<br>**Papet-Tungkod o Stick Puppet** Ito ay isang pambata na puppet na gawa sa karton at stick o patpat. Ang paglalaro nito ay sa pamamagitan ng pagkilos ng mga sticks o tungkod.<br>**Papet - Anino o Shadow Puppetry** Ang mga papet na ito ay gawa sa anyo ng mga hayop. Ang papet ay pinapagalaw mula sa likod ng puting tela na may liwanag. Teatro-Itim o Black Theater Mga puppet na gawa sa foam, lubid, tela, pekeng balahibo at piluka. Ang buong katawan ay gumagalaw. Mula sa likod pinagagalaw ng Puppeteers ang mga papet sa pamamagitan ng ilaw.<br>**Papet-Tali o String Puppets** Mga papet na gawa sa kahoy, goma, bakal, payberglas o iba’t ibang materyal. Pinapagalaw ito sa pamamagitan ng mga string o | galaw na magkapareho at magkakatabi. Ang ”Mirroring” naman ay ginagawa ng magkaharap at gumagawa ng galaw o posisyon na tulad ng repleksiyon kung tayo ay nakaharap sa salamin.”Leading and following” naman ay ginagawa ng may isang lider at ang mga kasama nito ay susunod. May mga gawain din na nangangailangan ng mga bagay na angkop sa bawat aktibidad. Maaaring gumamit ng mga lokal na bagay sa pagsasagawa nito. Ang mga halimbawa nito ay tumbang preso, kadang-kadang, sipa, hula hoop at iba pa. Ang mga gawaing ito ay tiyak na makatutulong upang maging malusog at masigla ang ating katawan. | Ano ang tawag sa kanyang nakita? Nakatawid ba ng ligtas si Jose at kanyang ina? |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | tali. May mga string puppet na gawa sa sinulid na nagmula sa hilagang bahagi ng Pilipinas.<br>**Papet-Daliri o Finger Puppet**<br>Ito ay mga papet na gawa sa makapal na karton o papel at tela na idinidikit o isinusuot na kasya sa daliri. Ang Papetre o puppetry sa Pilipinas ay nagsimula mula sa panahon ni Dr. Jose Rizal, ang ating pambansang bayani, sa taong 1898. Siya ay nagsadula ng; "Carillo" o Shadow Puppetry. Gumamit si Rizal ng isang karton at patpat at inilagay niya ito sa likod ng isang puting tela. Bukod sa mga tradisyonal na pagpapetre, may mga grupo ng papetreng nabuo simula noong 1972 hanggang sa kasalukuyan. Ilan sa mga grupong ito ay ang Teatro Mulat at Teatro Anino. Ang mga ito ang naging inspirasyon ng iba 't ibang sining ng papetre sa ating bansa at sa mga programang mapapanood sa pelikula at telebisyon. | | |
| **D. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1** | | Tandaan: Maaring magpatulong sa iyong mga magulang o kapamilya para awitin ang halimbawa o sa tulong ng youtube katulad ng https://youtu.be/CoxaBW39-FA.<br>Gawin ang mga kilos na nakasaad sa awit sa ibaba batay sa kilos ng nakasaad na hayop sa tulong din ng iyong kapamilya | Ngayon, suriin mong mabuti ang mga istayl ng papet na ipinapakita sa bawat larawan. Piliin mo ang sagot sa loob ng kahon. | Gawin ang sumusunod na gawain o aktibidad. Imbitahan ang iyong mga magulang at kapatid upang maisagawa ang mga ito. Huwag kalimutang isagawa ito ng wasto at sa ligtas na pamamaraan.<br>Pagkatapos ay sagutin ang kasunod na mga tanong.<br>“**Mirroring**” | Magbugtungan tayo! Basahin ang mga bugtong sa ibaba at tukuyin ang nakatagong kahulugan. Isulat ang sagot sa patlang.<br>Kulay puti, ang kulay ko, Nakalaan sa pagtawid mo. Basta’t Ikaw ay naririto, |


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | |  | Paraan ng Pagsasagwa:<br>a. Dumapa nang magkaharap tulad ng ginagawa natin kapag nakaharap sa salamin.<br>b. Itaas ang dalawang paa ng dahan dahan papunta sa itaas ng ulo.<br>c. Gawin ito ng walong ulit na magkakasabay.<br>"**Matching**"<br>Paraan ng Pagsasagawa:<br>a. Tumayo nang magkatabi.<br>b. Tumakbo nang dahan-dahan na magkasabay na may 10-metro ang layo ng pasulong at pabalik.<br>**"Leading & Following"**<br>Paraan ng Pagsasagawa:<br>a. Tumayo ang lider sa unahan.<br>b. Gumawa ng isang tuwid na linya.<br>c. Lumakad pasulong o maaaring gumawa ng mga "hand movements" habang naglalakad.<br>d. Sundan ang ginagawa ng lider.<br>Mga Tanong:<br>1. Naisagawa ba nang maayos ang mga gawain?<br>2. Ano ang iyong naramdaman habang isinasagawa ang bawat Gawain?<br>3. Ano-anong mga kilos o galaw ang naisagawa sa bawat gawain? | Kayang magpahinto ng trapiko.<br>Ano Ako?<br>Gilid man kung ituring,<br>Yapak-yapakan pa mandin.<br>Makipot man sa iyong paningin,<br>Kaligtasan mo nama'y, sisiguruhin.<br>Ano Ako? |
| **E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2** | | Parang Bangka<br>I. Parang bangkang nasa tubig, Pumagitna, pumagilid Ang puso ko sa 'king dibdib, Mamamatay sa pag-ibig. | **Paggawa ng Finger-Puppet**<br>Gawin mo ang sumusunod upang makagawa ka na iyong sariling papet.<br>1. Ihanda ang sumusunod na kagamitan: Malapad na karton, | Maghanda ng isang bola. (Kung wala ay maaaring gumawa nito gamit ang dahon ng niyog). Isagawa ang "Paghagis at Pagsalo ng Bola". Yayain ang iyong mga kapatid o ibang miyembro ng pamilya para | Tukuyin ang sumusunod na larawan kung ito ay nagpapakita ng gawaing pangkaligtasan sa tawiran o sa kalsada. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td>II. Pag-ibig ko'y limang bagay May sa noo, may sa kilay May sa puso, may sa atay. May sa dulong kalingkingan.<br>III. Bago kita iibigin, Dagat muna ay limasin Palutangin ang buhangin Bago kita tatanggapin.<br>Lagyan ng tsek (/) ang angkop na kahon. Gawin ito sa sagutang papel.<br>
<table>
<tr><th>Kasanayan</th><th>Higit na mahusay<br>4</th><th>Mahusay<br>3</th><th>Katamtaman<br>2</th><th>Nanganga-ilangan ng tulong<br>1</th></tr>
<tr><td>1. Nagagaya nang tama ang kilos ng tinutukoy na hayop.</td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>2. Naisasagawa ang kilos ng mga hayop ayon sa bilis o bagal.</td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>3. Nakikita ang pagkakaiba ng bilis o bagal ng galaw ng mga hayop.</td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>mga lumang damit, pandikit, gunting, krayola at iba pang kagamitang pang-sining.<br>2. Mag-isip ng mga karakter tulad ng tao, hayop, o tanim at iguhit ang mga ito sa malapad na karton.<br>3. Gamitin ang itim na krayola sa pagguhit ng mata, ilong at maging ang buhok at hugis nito upang maging detalyado ang hugis ng mukha nito.<br>4. Gupitin at bihisan ang mga ito gamit ang lumang damit na iyong inihanda.<br>Rubrik sa pagmamarka ng output<br>
<table>
<tr><th>Pamantayan</th><th>Kitang-kita<br>5</th><th>Kita<br>3</th><th>Hindi kita<br>1</th></tr>
<tr><td>1. Nasunod nang maayos ang mga panuto sa paggawa ng Finger Puppet.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>2. Nagamit ang mga materyales nang tama.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>3. Naipamalas ang pagkamalikhain sa ginawang Finger Puppet.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>4. Napahalagahan ang nagawang sining na Finger Puppet.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>isagawa ito. Maging maingat sa pagsasagawa at siguraduhing ligtas ang inyong lugar na paglalaruan.<br>Paraan ng Pagsasagawa:<br>1. Bumuo ng isang bilog.<br>2. Ang lider ay mananatili sa gitna at siyang maghahagis sa mga kasama na nasa bilog. Ang batang nakasalo ng 8 bola ang siyang maghahagis pabalik sa lider.<br>3. Kung sinoman ang hindi makakasalo nito ang siyang magiging lider sa gitna.<br>
<table>
<tr><th></th><th>Oo</th><th>Hindi</th></tr>
<tr><td>1. Naisagawa nang maayos ang paghagis ng bola</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>2. Nasasalo nang wasto ang bola.</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>3. Nasiyahan habang ginagawa ang gawain</td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td> <br> <br></td>
</tr>
<tr>
<td>F. Paglinang sa Kabihasaan tungo sa Formative Assessment (Independent Practice)</td>
<td></td>
<td>Tukuyin ang tempo ng bawat larawan. Piliin kung ito ay mabilis, mas mabilis, mabagal o mas mabagal. Isulat ang titik ng tamang sagot sa papel.<br>1. Ang matanda ay uugod-ugod na kung lumakad, paano siya lumakad? a. mabagal b. mabilis c. katamtaman ang bilis</td>
<td>Pagtatanghal gamit ang Finger-Puppet<br>Ihanda ang mga kagamitan: Karton, pandikit, gunting, nagawang finger puppet, iba pang kagamitang pang- sining<br>Pamamaraan:<br>1. Gumawa ng nakatayong kahon na magsisilbing pantakip sa ibang bahagi ng iyong kamay upang</td>
<td>Basahin nang mabuti ang sumusunod na gawain o aktibidad na nakasulat sa loob ng kahon. Isulat sa tamang kolum sa ibaba ang mga ito.<br>
<table>
<tr><td>luksong baka</td><td>tumbang preso</td><td>luksong tinik</td></tr>
<tr><td>luksong lubid</td><td>hula hoop</td><td>patintero</td></tr>
<tr><td>kadang-kadang</td><td>jumping jack</td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>Pag-aralan ang sumusunod na pangungusap sa Hanay A. Tukuyin at iugnay ito ayon sa tamang larawan o ilustrasyon sa hanay B. Isulat lamang ang titik ng tamang sagot sa kahon.</td>
</tr>
</table>

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td>2. Paano lumakad ang pagong habang dala-dala ang kanyang bahay? a. mabilis b. mabagal c. katamtamang bilis 3. Hinahabol ng aso ang pusa sa bakuran. Paano siya tumakbo? a. mabilis b.katamtamang bilis c. mabagal Paano lumakad ang kalabaw na 4. may hila-hilang mabigat na bagay? a. mabilis b. katamtaman ang bilis c. mabagal 5. Naghahanap ng makakain ang uod. Paano siya gumapang? a. mabilis b.mabagal c. katamtamang bilis</td>
<td>papet lamang ang makikita. Ito ay gagamitin bilang entablado.<br>2. Pumili ng kuwentong-bayan o alamat na iyong nabasa o napakinggan.<br>3. Ihanda ang presentasyon na gagamitin sa malikhaing pamamaraan sa Finger Puppet na ginawa sa ikalawang Gawain.<br>4. Ipakita sa guro ang palabas tungkol sa napiling kwento gamit ang ang iyong ginawang papet sa entablado.<br>5. Sikaping maging kawili- wili ang pagganap.<br>Rubrik sa pagmamarka ng output
<table>
<tr><th>Pamantayan</th><th>Kitang-kita<br>5</th><th>Kita<br>3</th><th>Hindi kita<br>1</th></tr>
<tr><td>1. Nasunod nang maayos ang mga pamamaraan sa pagtatanghal ng Finger Puppet.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>2. Ang pagtatanghal ay pinagplanuhang mabuti.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>3. Nagamit ang Finger Puppet nang naaayon sa karakter.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>4. Ang mga tauhang papet ay nagpakita ng tamang galaw at damdamin sa tulong ng puppeteer</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>5. Kawili- wili ang pagganap sa ginawang pagtatanghal gamit ang Finger Puppet.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>
<table>
<tr><th>Mga aktibidad o gawain na kinabibilangan ng Tao</th><th>Mga aktibidad na kinabibilangan ng Bagay</th></tr>
<tr><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>Hanay A   Hanay B<br>1. Si Nena ay tatawid sa kalsada. ☐<br>2. Si Ana ay tumitingin sa kaliwa't kanan bago tumawid. ☐<br>3. Gagamitin ko ang nakalaang bangketa sa tuwing maglalakad sa kalye. ☐<br>4. Kasabay kong tatawid ang aking nanay at tatay sa kalsada. ☐<br>5. Tatawid ako habang naka hinto ang mga sasakyan. ☐<br>

</td>
</tr>
<tr>
<td>G. Paglalapat ng Aralin sa pang-araw-araw na buhay</td>
<td></td>
<td>Awitin ang isang bahagi ng “Sitsiritsit” na nasa ibaba. Sundin ang tempo na nasa gilid ng bawat linya nito.<br>Mama, mama, namamangka (Mabilis)</td>
<td>Pagtambalin ang Hanay A sa Hanay B.</td>
<td>Kumuha ng isang buklod (hula hoop). (Kung wala, maaaring gumamit ng kawayan) Gawin ang mga kasanayan sa ibaba gamit ang hula hoop at sagutin ang kasunod ng mga tanong. Maging maingat sa pagsasagawa ng gawain.</td>
<td>Kompletuhin ang mga patlang upang mabuo ang mga pangungusap tungkol sa mga kasanayan sa kaligtasan sa kalsada gamit ang tawiran at bangketa. Piliin sa loob ng kahon sa ibaba ang tamang</td>
</tr>
</table>


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Pasakayin yaring bata (Mas Mabilis)<br>Pagdating sa Maynila (Mabagal)<br>Ipagpalit ng manika. (Mas mabagal) | **Hanay A** / **Hanay B**<br>____1. Papet na pinapagalaw mula sa likod ng puting tela na may liwanag. — A. Hand puppet<br>____2. Pambatang papet na gawa sa karton at patpat. — B. Puppet<br>____3. Papet na yari sa foam at tela. — C. Stick Puppet<br>____4. Isang naitataas na modelo o likha na kawangis ng isang tao, hayop o bagay. — D. String Puppet<br>____5. Uri ng papet na pinapagalaw sa pamamagitan ng mga string o tali. — E. Shadow puppetry | A. Pataas-Pababa na Pagsasanay<br>1. Hawakan ang hula hoop at itaas.<br>2. Ibaba ang hula hoop.<br>3. Ulitin ang unang gawain.<br>4. Ulitin ang ikalawang gawain.<br>Ulitin ito ng 16 na bilang.<br>B. Patagilid na Pagsasanay<br>1. Hawakan ng dalawang kamay ang hula hoop at ilagay sa tapat ng dibdib.<br>2. Ilagay ang hula hoop sa kanang gilid.<br>3. Ibalik ito sa tapat ng dibdib.<br>4. Ilagay ito sa kaliwang bahagi.<br>Ulitin ito ng 16 na bilang.<br>C. Pabilog na Pagsasanay<br>1. Ilagay ang hula hoop sa kanang bahagi ng braso.<br>2. Mula sa kanang bahagi, ipaikot ito at ibalik. Ulitin ito ng 16 na bilang.<br>**Pagmamarka**<br>Mga Tanong / Oo / Hindi<br>1.Hinawakan ko ba ang hula hoop nang maayos? / / <br>2. Nasunod ko ba ang mga pamantayan ng guro? / / <br>3.Naisagawa ko ba nang wasto at walang pagkakamali? / / <br>4.Natuwa ba ako sa mga pagsasanay? / / | sagot at isulat ito sa patlang. Ang (1)___ ay ginagamit para sa mga taong tumatawid ng kalye. Habang ang (2) _______________ naman ay ang gilid ng kalsada na dinadaanan ng mga tao. Maiiwasan ang mga (3)______________ sa kalsada kung tayo ay susunod sa mga tuntunin sa (4)_____ tulad ng (5)_____ bago tumawid, (6)__________________ ng sasakyang paparating, at pagsunod sa mga batas trapiko.<br>bangketa pedestrian lane pangkaligtasan sa pagtawid pakinggan ang ugong pagtingin sa kaliwa't kanan sakuna |
| **H. Paglalahat ng Aralin<br>Generalization** | | Ang bawat awitin ay inaawit ayon sa itinakdang tempo. Ang ________________ ay ang bilis at bagal ng pag-awit, pagtula, at pagbigkas. Ito ay tinutukoy bilang __________________, ________________at _______________________. Ito rin ay maaaring maipapakita sa pamamagitan ng ng | Ang papet o puppet ay isang naitataas na modelo o likha na kawangis ng isang tao, hayop o bagay na ginagamit sa entertainment o kasiyahan at karaniwang pinapagalaw sa pamamagitan ng mga string o tali o ibang kasangkapan na kontrolado mula sa itaas o kamay. | Panuto: Isulat ang tsek(/) kung ang sitwasyon ay tama at ekis (X) naman kung hindi.<br>_________1. Ang isang aktibidad o gawain ay maaaring kinabibilangan ng tao.<br>_________2. May mga aktibidad sa paggalaw ng maaaring gumamit ng mga bagay. | Pag-aralan ang sitwasyon. Inutusan ka ng iyong magulang na bumili sa palengke. Subalit kailangan mong tumawid sa isang tawiran upang makarating dito. Isulat ang mga dapat tandaan sa tuntuning pangkaligtasan gamit ang pedestrian lane. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | katawan. Ang galaw ng mga hayop ay madalas ginagamit sa pagtukoy sa tempo ng isang awitin, tula, at chant. Ito ang nagbibigay kagandahan ng isang awitin. | Sa Pilipinas, mayroon tayong uri o istayl ng papet na tatak-pinoy na sumisimbolo ng ating mayamang kultura. Ito ay ang mga sumusunod: 1. Papet-Kamay o Hand puppet ay mga papet na yari sa foam at tela. 2. Liping Papet o Rod Puppet ay pinapagalaw sa pamamagitan ng isang lipi o patpat. 3. Papet-Tungkod o Stick Puppet ay isang pambatang puppet na gawa sa karton at sticks. 4. Papet - Anino o Shadow Puppetry ay ginaganap mula sa likod ng isang puting tela na may liwanag sa likod ng mga puppet. 5. Teatro-Itim o Black Theater ay Isinasagawa mula sa likod, gamit ang itim na ilaw sa liwanag ng disenyo at kulay ng mga puppet. 6. Papet-Tali o String Puppet ay mga papet na gawa sa kahoy, goma, bakal, fiberglass o ibat - ibang materyal. 7. Papet-Daliri o Finger Puppet ay mga papet na gawa sa makapal na karton o papel at tela na idinidikit o isinusuot na kasya sa daliri. | ________3. Ang luksong-tinik ay isang halimbawa ng mga gawaing hindi gumagamit ng anomang bagay.<br>________4. Ang kadang-kadang ay isang gawain sa paggalaw ng gumagamit ng isang bagay upang maisagawa ito.<br>________5. Ang matching, mirroring at leading & following ay mga aktibidad o paraan ng paggalaw ng gumagamit ng mga bagay |  |
| **I. Pagtataya ng Aralin Evaluation/Assessment** | | Basahin at unawaing mabuti ang mga tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat sa inyong sagutang papel.<br>1. Alin sa sumusunod na elemento ng musika ang naglalarawan sa bilis at bagal ng awitin?<br>a. tempo | Ngayon ating subukan ang iyong kaalaman. Piliin mo ang pinakawastong sagot sa bawat pahayag. Isulat ang napiling sagot sa sagutang papel. 1. Ito ay ang paggawa ng iba't ibang papet para sa isang palabas na pang-edukasyon o kasiyahan ang | Isagawa ang "**Limbo Rock**". Yayain ang mga kapatid para maisagawa ito. Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ito sa sagutang papel. Hingin ang patnubay ng magulang.<br>**Pamamaraan:** | Basahin ang bawat pangungusap. Isulat sa patlang ang TAMA kung ito ay nagsasaad ng kaligtasan sa daan at MALI naman kung hindi. |

b. melodiya
c. daynamiko
d. ritmo

2. Ang awiting "Sa Uguy ng Duyan". Ano ang tempo nito?
a. Mabilis c. katamtaman
b. Mabagal d. mabilis na mabagal

3. Lahat ng mga hayop sa ibaba ay may kilos na mabilis maliban sa isa.




4. Ang mabagal na kilos/ gawa ay maaaring ilapat sa ____________na musika.
a. Mabagal
b. mabilis
c. katamtaman
d. mahina

5. Paano kumilos ang pusa kapag tumakbo?
a. mabagal
b. mabilis
c. katamtaman ang bilis

layunin. a. Papetre o puppetry b. Likhang-Sining c. Papet-kamay o Hand-puppet d. Likha-manika 2. Ito ay uri ng papet na yari sa foam at tela. Ang kamay ng puppeteer ay nakapasok sa leeg na may hawak na flap o hawakan para buksan ang bibig ng papet. a. Liping Papet o Rod puppet b. Papet Kamay o Hand puppet c. Papet Tungkod o Stick puppet d. Papet Tali o String puppet 3. Ang mga papet ay minamanipula sa pamamagitan ng isang patpat. Anong istayl ng pagpapapet ito? a. Liping Papet o Rod puppet b. Papet Kamay o Hand puppet c. Papet Tungkod o Stick puppet d. Papet Tali o String puppet 4. Ito ay istayl ng pagpapapet na kung saan ang Puppeteer ay gumaganap mula sa likod ng isang puting tela na may liwanag sa likod ng mga puppet. a. Papet Kamay o Hand puppet b. Papet Tali o String puppet c. Papet Tungkod o Stick puppet d. Papet - Anino o Shadow Puppetry 5. Si Abdul ay gumawa ng finger puppet gamit ang mga patapong bagay na makikita sa kanilang paligid. Anong katangian ang kanyang ipinapakita sa paggawa ng isang sining? a. masipag c. masinop b. malikhain d. matiyaga

1. Maghanda ng makinis na istik ng kawayan, tela o lubid na gagamitin sa laro.
2. Hawakan ang magkabilang dulo ng istik ng kawayan, tela o lubid ng dalawang taong kalahok.
3. Lumakad nang paliyad sa ilalim ng istik nang hindi nagagalaw ito. Hindi maaaring yumuko o gumapang.
4. Ulitin ang paglakad nang paliyad sa ilalim ng istik hanggang magalaw ng iyong katawan ang istik o lubid.
5. Hindi na maaaring maglaro kung nagalaw o nahawakan na ang istik o lubid.

Pagmamarka:

| Mga Tanong | Oo | Hindi |
|---|---|---|
| 1.Nakatawid ba ako sa mataas na lebel ng limbo rock? | | |
| 2. Nakatawid ba ako sa huling lebel o pinakamababang lebel ng limbo rock? | | |
| 3.Nahirapan ba akong gawin ang pinakamababang lebel ng limbo rock? | | |
| 4.Nakaramdam ba ako ng bahagyang sakit ng mga bahagi ng katawan habang isinasagawa ko ang limbo rock? | | |
| 5.Natuwa ba ako sa pagsasanay? | | |

________1. Manatili sa gilid ng kalsada habang naglalakad.
________2. Ugaliing tumingin sa kaliwa't kanan ng kalsada bago tumawid.
________3. Magtulakan o maghilahan habang tumawid sa daan.
________4. Makipagsabayan sa dumaraang mga sasakyan.
________5. Iwasan magtext o tumawag habang naglalakad sa kalsada.

<table>
<tr>
<td>J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at remediation</td>
<td></td>
<td>Kantahin ang “Twinkle, Twinkle, Little Star”. Sundin ang ibinigay na tempo sa bawat linya.<br>Twinkle, Twinkle, little Star Twinkle, twinkle, little star (Katamtaman) How I wonder what you are (Mabilis) Up above the world so high (Mabagal) Like a diamond in the sky (Katamtaman) Twinkle, twinkle little star (Mabilis) How I wonder what you are. (Mabagal)
<table>
<tr><th>Kakayahan</th><th>Oo</th><th>Hindi</th></tr>
<tr><td>Naaawit ang linyang may mabagal na tempo</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Naaawit ang linyang may katamtaman na tempo</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Naaawit ang linyang may mabilis na tempo</td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>Maghanap ng mga larawan ng mga papet at gupitin ito. Maaaring kumuha sa lumang magazine at diyaryo. Isulat kung anong istayl ng papet ito. Idikit ang mga larawan sa malinis na puting papel o bond paper.<br>Rubrik sa pagmamarka ng output
<table>
<tr><th>Pamantayan</th><th>Kitang-kita<br>5</th><th>Kita<br>3</th><th>Hindi kita<br>1</th></tr>
<tr><td>1. Nasunod nang maayos ang mga pamamaraan sa paggawa.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>2. Nagawa nang maayos ang output.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>3. Nakahanap ng mga larawan ng papet at natukoy ang uri nito.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>4. Naipakita ang pagkamalikhain sa ginawang output.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td></td>
<td>Tukuyin ang kasanayang Pangkaligtasan sa tawiran o kalsada.<br>1. Ang ________ ang gagamitin sa pagtawid sa kalsada.<br>a. tulay<br>b. hagdan<br>c. bangketa d. tamang tawiran<br>2. Upang maging ligtas sa kalsada, ugaliing maglakad sa_________.<br>a. gitna ng kalsada<br>b. gilid ng tulay<br>c. gilid ng kalsada o bangketa<br>d. pagitan ng mga sasakyan<br>3. Sumunod sa mga batas ________ at ugaliin ang pagiging magalang sa kalsada. a. trapiko<br>b. pampaaralan<br>c. pampamilihan<br>d. pang negosyo<br>4. Kung tatawid sa kalsada kailangang _________.<br>a. gamit ang cellphone habang tumatawid<br>b. tumakbo ng mabilis habang tumatawid<br>c. makinig at lumingon muna sa kaliwa’t kanan bago tumawid d. wala sa nabanggit.<br>5. Alin sa sumusunod ang dapat gawin at tandaan upang makaiwas sa sakuna.</td>
</tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | a. mag headset sa tuwing lalabas sa kalsada upang makaiwas sa ingay ng mga sasakyan<br>b. makipagsabayan sa mabilis na mga sasakyan habang tumatawid<br>c. gumamit ng bangketa, sumakay at bumaba sa tamang tawiran<br>d. huwag hintayin na huminto ang sasakyan bago sumakay upang hindi maiwanan ng byahe. |
| **V. MGA TALA** | **Holiday** | | | | |
| **VI. Pagninilay** | | | | | |
| **A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya** | | | | | |
| **B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation*** | | | | | |
| **C. Nakatulong ba ang *remedial*? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin** | | | | | |
| **D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation*.** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?** | | | | | |
| **F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor?** | | | | | |
| **G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?** | | | | | |

Prepared by: **ARIAN P. DE GUZMAN**
*Grade 3 Adviser*

Checked by: **IRENE P. DE LA CRUZ**
*Master Teacher I*

Noted: **ERNESTO B. CASTRO**
*School Head/Head Teacher III*